# Edukasyon sa Pagpapahalaga
# Yunit II
# Modyul Blg. 5

## Kaibigan…..Ano Ka? Sino Ka?

## I. Ano ang Inaasahang Matutuhan Mo?

Sabi ni Robert Louis Stevenson, “ Habang tayo ay nagmamahal tayo ay nagsisilbi. Walang taong walang kabuluhan habang siya ay kaibigan.”

Samakatuwid ang isang kaibigan ay nagmamahal. At ang nagmamahal ay nagsisilbi. Paano naman nagsisilbi ang isang nagmamahal?

Sa modyul na ito, susubukan mong alamin kung sino at para ano anh isang kaibigan. Mahalagang hakbang ito upang mapaunlad ang sarili sa pakikipagkapwa.

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang naipakita mo ang mga sumusunod na kasanayan at Pagpapahalaga:

L.C. Natutukoy ang kahulugan at pamantayan sa pagpili ng kaibigan.

1. Naipapakita kung papaano amgiging isang kaibigan
2. Nasusuri ang mga katangian ng isang kaibigan
3. Natutukoy kung papaano ang kaibigan ay nakatututlong sa pagpapaunlad ng pakikipagkapwa

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pgapapahalaga II kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunod – sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti nag nilalaman nh paksang aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubulin.
4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kwaderno ng Edukasyon sa Pagpapahalaga.

5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa laaht ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Hueag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang mga gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

A. Isulat sa kwaderno ang titik ng wastong sagot.

1. Ang katagang kaibigan ay tumutukoy sa _______________
    a. isang indibidwal
    b. dalawang indibidwal
    c. grupo ng mga indibidwal
    d. dalawa o higit pang tao
2. Ang pagiging magkaibigan ay napapalawig sa pamamagitan ng mga ito maliban sa isa
    a. pag-alala kapag may suliranin
    b. pagtatanggol kahit sa anong paraan
    c. pag-iisip ng maitutulong
    d. pagsasabi ng mali ng kaibigan
3. Ang pagpapahalagang lagging dapat umiral sa magkaibigan ay _____
    a. katapatan
    b. pagmamahal
    c. paggalang
    d. pagdadamayan
4. Ang tunay na kaibigan ay makikita sa oras ng __________
    a. kahirapan
    b. kagipitan
    c. kadiliman
    d. kalungkutan
5. “Kung saan may pagmamahal, iyon ang tahanan, kung saan mag paa’y aalis ngunit hindi ang puso, Kadalasan hahab ngunit hindi pagpapatid”

    -Oliver Wendell Holmes

    a. Kapag umalis, maiwan ang pusong nagmamahal
    b. Kapag nagmamahal mabigat ang pusong aalis
    c. Kung lalayo kailanga’y hindi pautol ang makapagkumikasyon
    d. Malungkot man sa pag-alis ay babalik din

B. Isulat sa kwaderno kung tama o mali ang bawat pahayag.
   1. Ang tunay na kaibigan ay maasahan
   2. Nakalilibang kung may kaibigan
   3. Kung wala kang kaibigan may diperensya ka.
   4. Iniisip ko ang mahihingi sa kaibigan ko.
   5. Hindi sinasabi anh ikasasama ng loob ko.
   6. Iniwan ako kapag may nakitang iba.
   7. Nagkukunwaring masaya kahit may problema
   8. Nagsasabi ng totoo tungkol sa mga bagay-bagay
   9. Nagbibigay at tumatanngap din naman.
   10. Sumasang-ayon sa lahat ng gusto ko.

## III. Tuklasin Mo

Gawain Blg. 1

Basahin ang kwentong ito at sagutin ang mga tanong sa ibaba nito.

Masaya ka ng araw na iyon dahil may tinanggap kang sulat mula sa iyong matalik na kaibigan. May isang taon na rin ang lumipas mula nang kayo'y magkahiwalay. Paulit-ulit mo itong binasa lalo na ang bahaging ito.

" …. Hindi ko malilimutan ang pagiging matapng mo. Naalala mo pa ba nang ang ating patrol, anim kayo ay napahiwalay sa karamihan dahil mali ang pakahulugan natin sa nakita nating "travel sign"? Ang tapang mo noon. Umiiyak na ako at takot na takot pero ikaw iyong nagpapalakas ng loob naming hanggang makakita tayo ng isang matanda na itinuro sa atin ang daan?"

Saglit kang tumigil sa pagbabasa at naalala mo ang insidenteng iyon noong girl scout pa kayo sa unang taon. Natakot ka rin noon. Dahil magubat at madilim ang langit at may nagbabantang ulan.

" …. Hindi agad ako nakasulat dahil marami akong dapat sanayin sa nilipatan namin. Lagi ko ring naalala ang pagpunta-punta mo sa amin. Tinutulungan mo ako sa aking asayment. Tuwang-tuwa sa iyo ang nanay ko. Tapos maglulutoo siya ng sinulbo at gusting – gusto natin yong malapot sa asukal na natitira sa kawali. Kandapaso tayo sa pagkuha noon"

" Alam mo ma iba ka talaga. Nami-miss kita. Sana sulatan mon rin ako ha?

At masaya mong tiniklop ang liham.

Sagutin Mo

1. Anu-ano ang mga katangiang Makita sa iyo ng kaibigan mo?
2. Bakit mahalaga ang mga katangiang ito para sa isang matibay na pagkakaibigan?
3. May mga maidadagdag ka pa ba ss mga katangiang ito? Isulat mo.

Gawain Blg. 2

Isulat sa bawat pahiraba [ ] ang mga katangian ng kaibiagn mo nagsisimula sa bawat titik ng salitang kaibigan.

Ang Kaibigan Ko

Sagutin Mo

1. Anu – anong mga salita ang naglalarawan sa kaibigan mo?
2. Bakit ang mga kataniang ito ang inilagay mo sa paglalarawan sa kanya? Ipaliwanag ang bawat katangian.

Gawain Blg. 3

Ang nasa ibaba ay larawan ng isang bulaklak. Gwain natin itong simbolo ng pagkakaibigan. Ang pandilig naman ay simbolo ng nagagawa ng pagkakaibigan sa pakikipagkapwa.

Sagutin:

1. Anu – ano ang nagagwa ng pakikipagkaibigan sa pagpapalawak ng pakikipagkapwa. Isulat ito.

## IV. *Ano ang Iyong Natuklasan?*

Kumpletuhin ang pangungusap

1. Ang tunay na kaibigan ay ______________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________.

2. Ang mag katangiang dapt taglayin ng isang kaibigan ay:
   a. ______________________________
   b. ______________________________
   c. ______________________________
   d. ______________________________
   e. ______________________________

3. Sa pagkakaibigan, lumalawak ang pakikipagkapwa dahil sa
   a. ______________________________________________________________
      ______________________________________________________________
      ______________________________________________________________
   b. ______________________________________________________________
      ______________________________________________________________
      ______________________________________________________________
   c. ______________________________________________________________
      ______________________________________________________________
      ______________________________________________________________

## V. Pagpapatibay

Ano ang kaibigan?

Ang tunay na kaibigan ay ulam ang tunay na “ikaw”, nauuwaan ang nararanasan at pinagdaanan mo, tinatanggap ang magiging ikaw at ginagabayan upang umunlad.

Kung susuriin ang salitang kaibigan ay nangangailangan ng dalawang tao sa halip na isa, Ito ay dahil sa unlaping ka--. Maaaring karamay, kapwa, kapamilya, kapitbahay, kaeskwela, kamag-anak, katulong,ka-opisina, katrabaho. Kaya hindi puedeng iisa. Ang kaisipang kaibigan ay karamay, pagiging kasama. Isang pagsasamang lumalampas sa panahon ayespasyo. Ito ay pagsasam ng puso at isip. May pagmamahalang nagbubuklod at isang panatang na aalalayan at tutulungan ang isa’t isa na walng pasubali.

Ang salitang “kaibigan” ay nagsimula sa salitang latin na “amicus” Ang “amicus” ay nagmula naman sa salitang “amare” na ibig sabihin any magmahal. (to love). Mauunawaan dito n amnag kaibigay ay hindi basta napupulot. Ang pagiging magkaibigan ay nangangailangan ng panahon upang yumabang. Ang kaibigan ay maaaring kamag-anak o hindi. Ito’y nangangailangan ng mahabang pagsasamahan upang magkaroon ng pag-iisa ng isip, damdamin at mga adhikain, pagbibigay ay apgtulong sa kapakanan ng iba.

## Bakit Kailangan ang Kaibigan?

Ang tao kahit gaano kayaman at sasabihing hindi na nangangailangan pa ay kailangan pa rin ang kaibigan. Isang pangangailangan ng tao ang magbigay at tumulong sa kapwa. Ang nag-alay ng sariling kakayahan para sa kapwa. Kailangan ang kaibigan upang mapunan ang bahaging kulang sa ating pagkatao. Kailangan ang kaibigan upang mawala upang mawala ang takot, pagtupad sa pangarap, paghawi ng mga balakid at upang harapin ang buhay.

Sa mga tinedyer, lalaong kailangan ang kaibigan upang maramdaman na sila ay kabilang, tanggap at napapansin. Kailangan nila ang kasing –edad nila a kung saan ang pakiramdam. Sila’y tinatanggap ai kinikilala bilang sila.

Paanong ang Pakikipagkaibigan ay Nagpapalawak ng Pakikipagkapwa?

1. Ang pakikipagkaibigan ay nakakatuklong upang maging malaya sa pangangailangang emosyonal mula sa mga magulang at mga kapatid at kung magkagayon ay matututong unawain ang damdamion ng iba.
2. Sa pakikipagkaibigan natutuhan kung paano makisama at makihalubilo sa iba.
3. Sa pakikipagkaibigan natututong tumingin hindi lamang sa sarili kundi pati sa iba.
4. Nakikita ang gampanin ng ibang tao sa kanilang buhay.

5. Natutuhan ang paggalang sa kalapitan, opinion at damdamin ng iba.
6. Natutuhang maging maramdamin sa pangangailangan ng iba.
7. Natutuhang tanggapin ang iba hindi mapanghusga at magiging mapagbugay sa kapwa.

Halaw sa: Making, Staying, Making Friends
Antonio N. Tornelba &
Socorro L. Bautista (Eds)

Sino ang Kaibagan?

Ang kaibigan ay:

1. Laging ginagawa ang ipinagagawa mo
2. Maaasahan
3. Gusto mo ay laging kasama
4. Pinagkakatiwalaan mo ng sektero
5. Sumasang-ayon sa naiisip at sasabihin mo
6. Ibinabahagi ang mabuting bagay sa iyo
7. Pinapaalala kapag hindi tama mg iyong kilos.
8. Masayang kasama
9. Itinuturing kang kapamilya
10. Nasa tabi mo, anuman ang mangyari
11. Ang mga taong nagugustuhan at hindi ay kapareho ng sa iyo.
12. Sinasabi ang kanyang opinion sa mga bagay-bagay
13. Mananatiling kaibibigan kahit hindi ka sumasang-ayon sa kanya.
14. Kakampihan ka kung galit ka.
15. Gusto siya ng marami.

Halaw: Moral & Ethical Guidebook for Teachers
Carmen A. Llanera & Teresita D. Labrador
1993 Int'l Educational

## VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

Higit na sigurong malinaw at maayos kung sino at ano ang kaibigan sa iyo. Idikit mo ang larawan ng iyong kaibigan dito sa kwadro. Sumumat ng isang sulat pasasalamat sa kabutihang nagwa niya para sa iyo.

Ang Aking Kaibigan

Mga Kabutihang Nagawa Para sa Akin

## VII. Gaano Ka Natuto?

I. Ang mga sumusunod ay kasabihan tungkol sa pagpapalawak ng pagkakaibigan.Piliin ang wastong kahulugan.

1. "Kung naroon ka iyon ang sukdulang eskpresyon ng pagmamahal"

   - Karen O. Cornor

   a. ang oras ay mahalagasa kaibigan
   b. kailangang lagging nasa kaibigan
   c. ang pakikipagkaibigan ay nasusukat sa tagal ng oras sa kaibigan
   d. magkaroon ng oras para sa kaibigan

2. Pakikipagkaibigan – ang kasiyasiyang laro ng pakikipagpalitan ng papuri

   - Oliver Wendell Holmes

   a. Kailangan ng kaibigan ang papuri
   b. Kung pupurihin ka ng kaibigan mo, purihin mo rin siya
   c. Ang papuri ng kaibigan ay nakapagpapatatag ng samahan
   d. Kailangang malaman ngkaibigan na pinupuri siya upang masiyahan siya.

3. Ang tao'y may damdamin, maging maingat.

   - J. Masai

   a. Kung nasaktan, huwag magalit
   b. Ang makasakit ng damdamin ay di maiiwasan
   c. Kung nakasakit dapat ay humingi ng paumanhin
   d. Ingatang makasakit ng damdamin

4. Siya na hindi tapat sa kaibigan, ay hindi rin tapat sa Panginoon

   - Lavater

   a. Maging tapat sa Diyos at tapat sa kaibigan.
   b. Ang katapatan at gawaing maka-Diyos
   c. Ang hindi pagtatapat sa kaibigan ay ganoon din sa Panginoon
   d. Ang Panginoon ay tapat sa tapat sin sa kanya

5. Sa inyong pagiging malapit sa isa't – isa sana'y magkaroon ng pagitan.

   - Kahlil Gibran

   a. Ang sanhi ng pag-aaway ay ang pagiging malapit sa isa't isa
   b. Marami ang di nagkakaunawaan dahil may iabng nakapagitan.
   c. Hayaang maging malaya sa pakikipagkaibigan sa iba ang iyong kaibigan
   d. Huwag dumaan sa pagitan ng dalawang nag-uusap

II. Sagutin ng Tama o Mali

_______ 1. Kailangan ngtao ang kaibigan.
_______ 2. Kapag may kaibigan, kailangang siya lamang
_______ 3. Sa pagkakaibigan kailangan ay may pagmamahal sa isa't isa
_______ 4. Sa magkaibigan, maaaring iyon lang mayroon ang magbigay
_______ 5. Ang kaibigan ay maaring kamag-anak, kaeskwela, kapitbahay
_______ 6. Pinakamahalaga ang pagmamahal sa magkaibigan.
_______ 7. Ang salitang kaibigan ay mula sa salitang latin sa "amicus" na mag ibig sabihin ay "ani ko.
_______ 8. Ang kaibigan ay isang basal na pangangailangan ng tao.
_______ 9. Sa pakikipagkaibigan lalong limalago ang pakikipagkapwa
_______10. Laong mabuting kaibigan ang magulang kaysa kaeskwela.

## VIII. Sanggunian


- A Pocketful of Virtues

- Llanera, Carmen A. and Salvador, Teresita P. (1993)
  Moral & Ethical Guidebook for the Youth:
  Book 1 for Teachers. International Educational

- Torralba, Antonio N. & Bautista, Socorro L. (Eds) (2003)
  Making, Staying, Being Friends
  Inkwell Publishing Co, Inc.


## IX. Susi sa Pagwawasto

Handa Ka Na Ba?

**I** 1. d
2. b
3. c
4. b
5. c

II. 1. T
2. T
3. T
4. M
5. M
6. M
7. M
8. T
9. T
10. M

Gaano Ka Natuto?

**I** 1. d
2. c
3. c
4. c
5. c

II. 1. T
2. M
3. T
4. M
5. T
6. T
7. M
8. M
9. T
10. T